# Hindi ako umiiyak dahil hindi ko Alam na kung ano ang nasa kay Allah-Pagkataas-taas Niya ay higit na mainam para sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Datapuwat umiiyak ako dahil ang Pagpapahayag ay tuluyan ng naputol mula sa kalangitan,Naapektohan silang dalawa sa pag-iyak,Hanggang sa umiyak silang dalawa kasama niya.

Ayon kay Anas bin Mālik malugod si Allah sa kanya-Ngsabi siya:Nagsabi si Abu Bakar kay `Umar malugod si Allah sa kanilang dalawa-pagkaraan ng pagpanaw ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: Sumama ka sa amin [sa pagbisita] kay Ummu Ayan malugod si Allah sa kanya-Bisitahin natin siya tulad ng pagbisita sa kanya ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na binibisita niya siya,At nang dumating silang dalawa sa kanya;Napa-iyak siya,,Nagsabi silang dalawa sa kanya: Ano ang iniiyak mo? Hindi moba alam na kung ano ang nasa kay Allah-Napakamaluwalhati Niya-at Pagkataas-taas Niya-ay higit na mainam para sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-?Hindi ako umiiyak dahil hindi ko Alam na kung ano ang nasa kay Allah-Pagkataas-taas Niya ay higit na mainam para sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Datapuwat umiiyak ako dahil ang Pagpapahayag ay tuluyan ng naputol mula sa kalangitan,Naapektohan silang dalawa sa pag-iyak,Hanggang sa umiyak silang dalawa kasama niya.

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ang mga kasamahan ng Propeta-malugod si Allah sa kanila-ang pinaka-interesado sa mga tao sa pagsunod sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa lahat ng maliit at malaking [bagay],hanggang sa sila ay sumusunod sa pamamalakad niya sa buhay niya,at pag-upo niya,at yapak ng paa niya,at sa lahat ng gawaing napag-alaman nila na ito ay nagawa niya.At ang Hadith na ito ang nagpapatibay rito at sinasabi sa kwento ni Abe Bakar at `Umar na kung saan ay binisita nilang dalawa ang isang babaing binibisita ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-,Binisita nila ito dahil sa pagbibista ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa kanya.At nang umupo silang dalawa sa kanya,napa-iyak siya,Nagsabi silang dalawa sa kanya: Ano ang iniiyak mo? Hindi moba alam na kung ano ang nasa kay Allah-Napakamaluwalhati Niya-at Pagkataas-taas Niya-ay higit na mainam para sa Sugo Niya? Ibig sabihin: Higit na mainam sa Mundo,Nagsabi siya:Hindo ako

umiiyak dahil doon,datapuwat ay dahil sa pagkaputol ng Kapahayagan;Sapagkat ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-nang pumanaw siya ay naputol narin ang Pagpapahayag,Wala ng Pagpapahayag pagkatapos ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-,Kung-Kaya`t ginanap ng Allah ang Batas [ng Islam] Niya bago siya pumanaw,Sinabi Niya-Pagkataas-taas Niya: { Sa Araw na ito ay pinaging ganap Ko ang inyong Relihiyon para sa inyo,at nilubos Ko ang Aking paglingap sa inyo,At Aking itinakda sa Inyo ang Islam bilang inyong Relihiyon} [Al-Maedah ;3],At napaiyak silang dalawa;dahil ipinaalala niya sa kanilang dalawa ang bagay na nakalimutan na nila.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3035